BAKUNA LABAN SA COVID-19

Ang Kailangan Niyong Malaman | Marso 2021

Gagana ba ang mga bakuna ngayon laban sa bagong mga strain ng COVID-19?

Malamang. Habang nagkakaroon ng bagong mga strain ng COVID-19, kakailanganin ng mas maraming research para maintindihan kung gaano ka-epektibo ang mga bakuna. Ang pagpapabakuna ay ang **pinakamabisa** pa ring paraan para protektahan ang ating sarili at ang ating mga komunidad laban sa COVID-19.

Ano ang mga side effect ng bakuna?

Ang pinakapangkaraniwang mga side effect ng Pfizer at Moderna COVID-19 vaccines ay pananakit ng braso, lagnat, pananakit ng katawan, sakit sa ulo, at pagkapagod. Kusa itong nawawala makatapos ng ilang araw. Maaring mas matindi ang mga side effects pagkatapos ng pangalawang dose.
Kahit na hindi kanais-nais, ang side effect ay signos na ang bakuna ay gumagana at ang inyong resistensya ay naghahandang protektahan kayo laban sa virus. Ang mga side effects mula sa bakuna ay hindi kasing lala ng mga simptomas at pangpatagalang epekto ng COVID-19.

May bayad ba ang bakuna?

Walang bayad ang bakuna. Ang inyong vaccine site ay maaring magtanong ng impormasyon tungkol sa inyong insurance, pero hindi niyo kailangan ng insurance para mabakunahan. Kung pagbayarin kayo para sa bakuna, ito ay scam at dapat i-reporta sa New Jersey Consumer Affairs at 973-504-6240.

Have more questions about how COVID-19 vaccines work? Contact 848-932-5862 or community@ifh.rutgers.edu.

RUTGERS Institute for Health, Health Care Policy and Aging Research
NEW BRUNSWICK AREA NAACP
Robert Wood Johnson University Hospital | RWJBarnabas HEALTH
PRAB